




# **Gabay sa Pamumuhay [Tagalog]**

くらしのガイド [タガログ語版]

**Sagamihara City**  
相模原市



## City Hall ng Sagamihara 相模原市役所

2-11-15 Chuo, Sagamihara City, 229-8611  
〒229-8611 相模原市中央 2-11-15

TEL 042-754-1111  
FAX 042-753-9413

Para sa pagtawag mula sa loob ng Lungsod (maliban sa Sagamiko-cho at Fujino-cho) patungong Sagamiko-cho at Fujino-cho, isama ang area code kahit ito ay magkapareho.

市内(相模湖町、藤野町を除く)から相模湖町、藤野町の施設へ電話をかける際には、同じ市外局番であっても、市外局番からダイヤルしてください。

Para sa pagtawag mula sa Sagamiko-cho at Fujino-cho patungo sa loob ng Lungsod (maliban sa Sagamiko-cho at Fujino-cho), isama din ang area code.

相模湖町、藤野町から市内(相模湖町、藤野町を除く)の施設へ電話をかける際にも、同様に市外局番からダイヤルしてください。

### Mula 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon 午前 8 時 30 分～午後 5 時 00 分

Oras ng Tanggapan: Tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon  
開庁時間／毎週月曜日から金曜日の午前 8 時 30 分から午後 5 時まで。

Sarado ng Sabado, Linggo, Pista Opisyal, katapusan at umpisa ng taon.  
土曜日、日曜日、祝祭日、年末年始はお休みです。

Route 16  
国道 16号

Papuntang Yokohama  
至横浜

Istasyon ng Pulis sa Sagamihara  
相模原警察署

Post Office ng Sagamihara  
相模原郵便局

Padarahan ng Sasakyan  
駐車場

Municipal Gymnasium  
市体育館

Chuo Elementary School  
中央小学校

Environmental  
Information Center  
環境情報センター

Chuo Junior High School  
中央中学校

Sentro ng Sanggunian  
para sa mga Kabataan  
青少年相談センター

Wellness Sagamihara  
(Sagamihara City General Health and  
Medical Center)  
ウェルネスさがみはら  
(相模原市総合保健医療センター)

Bulwagan ng Ajisai  
あじさい会館

Bulwagan ng Keyaki  
けやき会館

Paradahan ng Sasakyan  
ng Bulwagan ng Keyaki  
けやき会館駐車場

Bulwagan Pang-edukasyon ng Sagamihara  
相模原教育会館

Gusaling Pang-hukuman  
ng Sagamihara  
相模原裁判所

Sagamihara District Municipal  
Office Building  
相模原地方合同庁舎

Sangay ng Piitan ng  
Sagamihara  
相模原拘置支所

Kanagawa Prefecture Sagamihara Municipal Office Building  
神奈川県相模原合同庁舎

Sagamihara Chuo Hospital  
相模原中央病院

Sagamihara Tax Office  
相模原税務署



## 目次

市役所本庁舎周辺案内図-----2~3

### 1. 必要な手続き-----5

- (1) 在留のための手続き-----5
- (2) 外国人登録-----6
- (3) 戸籍-----8
- (4) 印鑑登録-----8
- (5) 国民健康保険-----9
- (6) 年金制度-----11
- (7) 介護保険-----12
- (8) 税金-----12

### 2. 緊急のとき-----15

- (1) 火事-----15
- (2) 急病・大けが-----15
- (3) 交通事故・盗難-----16
- (4) 地震・風水害-----16

### 3. 相談・情報-----17

- (1) 相談-----17
- (2) さがみはら国際交流ラウンジ-----17
- (3) 広報・インターネット-----18
- (4) テレビ・ラジオ-----19

### 4. 生活に必要な情報-----20

- (1) 仕事-----20
- (2) 住居-----22
- (3) 電気-----22
- (4) ガス-----23
- (5) 水道・下水道-----23
- (6) ごみ・し尿-----24
- (7) 電話-----28
- (8) 郵便-----29
- (9) 自動車・自転車-----30
- (10) 金融機関-----31
- (11) 保健-----32
- (12) 医療-----37
- (13) 教育-----38
- (14) 福祉-----40

### 5. 主な施設の案内-----47

- (1) レクリエーション施設-----47
- (2) スポーツ施設-----48
- (3) 文化・教養・教育施設-----50
- (4) 電話番号・所在地一覧-----54

相模原市の概要-----62

他都市との交流-----62

広域避難場所-----63

避難所-----64

## TALATUNTUNAN

Mapa sa Paligid ng City Hall Main Office-----2~3

### 1. Mga Kinakailangan na Hakbang-----5

- (1) Mga Hakbang sa Bisa-----5
- (2) Rehistrasyon ng mga Dayuhan (Alien Registration)-----6
- (3) Rehistrasyon ng Pamilya (Family Registration)-----8
- (4) Rehistrasyon ng Pantatak (Stamp/Seal Registration)-----8
- (5) Seguro ng mga Mamamayan para sa Kalusugan (National Health Insurance)-----9
- (6) Programa ng Pensiyon (Pension Program)-----11
- (7) Seguro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance)-----12
- (8) Buwis-----12

### 2. Sa mga Oras ng Kagipitan-----15

- (1) Sunog-----15
- (2) Biglaang Pagkakasakit/Malaking Pinsala sa Katawan-----15
- (3) Aksidente sa Trapiko/Nakawan-----16
- (4) Lindol/Bagyo at Baha-----16

### 3. Konsultasyon at Impormasyon-----17

- (1) Konsultasyon-----17
- (2) Sagamihara International Lounge-----17
- (3) Ugnayang Madla/Mga Internet-----18
- (4) Telebisyon (TV)/Radyo-----19

### 4. Mga Impormasyon na Kinakailangan sa Pang-araw-araw na Pamumuhay-----20

- (1) Trabaho-----20
- (2) Paninirahan (Housing)-----22
- (3) Elektrisidad (Kuryente)-----22
- (4) Gas-----23
- (5) Tubig/Tuberiyas-----23
- (6) Basura/Dumi (Garbage/Human Waste)-----24
- (7) Telepono-----28
- (8) Koreo-----29
- (9) Sasakyan/Bisikleta-----30
- (10) Institusyon ng Pananalapi (Financial Institution)-----31
- (11) Kalusugan-----32
- (12) Pagpapagamot-----37
- (13) Edukasyon-----38
- (14) Kapakanan (Welfare)-----40

### 5. Gabay ng mga Pangunahing Pasilidad-----47

- (1) Pasilidad sa Paglilibang (Recreation)-----47
- (2) Pasilidad sa Palakasan (Sports)-----48
- (3) Pasilidad Pang-kultura at Pang-edukasyon-----50
- (4) Listahan ng Numero ng Telepono/Lokasyon-----54

Balangkas ng Sagamihara City-----62

Pagpapalitan ng Programa sa Ibang Lungsod-----62

Mapa ng Malawak na Lugar-likasan (Evacuation Area)-----63

Lugar-likasan-----64

# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き



### (1) Mga Hakbang sa Bisa

Ang mga dayuhan na mananatili sa Hapon ay kinakailangang magbigay ng maingat na atensyon sa kalagayan ng bisa at panahon ng pananatili.

Ang kalagayan ng bisa at panahon ng pananatili ay nakahayag sa pasaporte ng bawat isa. Ang gumawa ng aktibidad maliban sa pinahintulot, lumagpas na ang panahon ng pananatili ay hindi maaaring manatili sa Hapon. Kung nais gumawa ng aktibidad maliban sa pahintulot o kung ang pananatili ay humigit sa naitakdang haba ng panahon, gawin ang mga sumusunod na hakbang.

#### Aplikasyon sa Kakayahan sa Ibang Aktibidad

Kung nais gumawa ng aktibidad na may sahod maliban sa ipinahintulot, kailangang humiling at humingi ng pahintulot sa Bureau ng Immigration.

Halimbawa: Kung ang dayuhan na estudyante ay kukuha ng part-time job.

#### Aplikasyon sa Pagpapalit ng Kalagayan ng Pananatili

Kung nais huminto sa pangkasalukuyang aktibidad at kailangan magpalit ng panibagong kalagayan ng bisa, kailangan ding humiling at humingi ng pahintulot sa Bureau ng Immigration at i-rehistro ang bagong kalagayan ng bisa sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office.

Mga Bagay na Kailangan sa Rehistrasyon:

Pahintulot sa Pagpapalit ng Kalagayan ng Pananatili (Nakasaad sa pasaporte)  
Sertipiko ng Alien Registration

Halimbawa: Kung ang dayuhan na estudyante ay natapos ng mag-aral, namasukan sa kompanya at patuloy na mamumuhay sa Hapon.

#### Kalagayan ng Bisa ng Dayuhan na Ipinanganak sa Hapon

Kung ang batang dayuhan na ipinanganak sa Hapon ay mananatili ng mahigit 60 araw, kinakailangang mag-apply at kumuha ng kalagayan ng bisa sa loob ng 30 araw mula sa araw na ipinanganak. Kung ang batang ipinanganak ay nagtatamo ng espesyal na permanenteng paninirahan, kailangang mag-apply sa loob ng 60 araw sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office.

#### Aplikasyon sa Ekstensyon sa Panahon ng Pananatili

Kung mananatili sa Hapon ng mahigit sa panahon ng pananatili, humiling at kumuha ng pahintulot sa ekstensyon sa Bureau ng Immigration bago mawalan ng bisa, at irehistro sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office.

Mga Bagay na Kailangan sa Rehistrasyon:

Pagbabago sa Pahintulot sa Panahon ng Pananatili (Nakahayag sa pasaporte)  
Sertipiko ng Alien Registration

#### Aplikasyon sa Pahintulot na Muling Makapasok sa Bansa (Re-entry Permit)

Kung lalabas sa Hapon ng pansamantala at muling babalik sa loob ng panahon ng pananatili, kailangang kumuha ng re-entry permit sa Bureau ng Immigration bago lumabas ng Hapon upang hindi na kailangang isauli ang Sertipiko ng Alien Registration sa paglabas ng bansa o mag-apply ng panibagong bisa sa muling pagpasok sa bansa.

##### ■ Para sa mga Katanungan

- Tokyo Regional Immigration Bureau, Yokohama District Immigration Office, Immigration Information Center (Yokohama Chiho Godo Chosha 5F, 37-9 Yamashita-cho, Naka-ku, Yokohama City)  
Tel: 045-651-2851 o 2852
- Tokyo Regional Immigration Bureau, Yokohama District Immigration Office, Kawasaki Branch Office (Kawasaki-Nishi Chiho Godo Chosha 1F, 1-3-14 Kami-Asao, Asao-ku, Kawasaki City)  
Tel: 044-965-0012
- \* Parehong bukas mula Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at 1:00 hanggang 4:00 ng hapon

### (1) 在留のための手続き

外国人が日本に在留する場合には、在留資格と在留期間に注意する必要があります。

在留資格と在留期間は、一人ひとりについてパスポートに表示されています。資格ごとに許可されている活動以外の活動を行うこと、在留期間をこえて日本に在留することはできません。資格外の活動を行う場合や、在留期間をこえて在留するなどの場合には、次のような手続きをしてください。

#### 資格外活動の申請

許可された活動以外の収入を伴う活動を行う場合には、入国管理局に申請して許可を受けてください。

例: 留学生がアルバイトをする場合など

#### 在留資格変更の申請

現在行っている活動をやめて、新たに別の在留資格に該当する活動を行う場合には、同じく入国管理局に申請して許可を受けた後、市役所戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかで登録してください。

登録に必要なもの: 在留資格変更許可(パスポートに表示されています)  
外国人登録証明書

例: 留学生が卒業後、企業に就職し引き続き日本で生活する場合など

#### 日本で生まれた外国人の在留資格

日本で生まれた外国人が、60日をこえて日本に在留する場合には、生まれた日から30日以内に入国管理局に在留資格の取得の申請をしてください。特別永住者に該当する人は、生まれた日から60日以内に、市役所戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかに申請してください。

#### 在留期間の更新の申請

在留期間をこえて日本に在留する場合には、期間が満了する日までに入国管理局に申請して許可を受けた後、市役所戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかで登録してください。

登録に必要なもの: 在留期間更新許可(パスポートに表示されています)  
外国人登録証明書

#### 再入国許可の申請

在留期間内に一時的に出国し、再び日本に入国する場合は、出国する前に入国管理局で再入国の許可を受けておくと、出国時に外国人登録証明書を返納する必要がなく、再入国の際に新たに査証の申請をする必要もありません。

##### ■ 問い合わせ先

- 東京入国管理局横浜支局外国人留総合インフォメーションセンター  
(横浜市中区山下町 37-9 横浜地方合同庁舎 5階)  
Tel.045-651-2851~2
- 東京入国管理局横浜支局川崎出張所  
(川崎市麻生区上麻生 1-3-14 川崎西合同庁舎 1階)  
Tel.044-965-0012
- ※ いずれも月曜日～金曜日 午前9:00～12:00  
午後1:00～4:00



# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き

### 帰化・国籍選択

外国人が日本の国籍を取得する方法の1つに帰化という制度があります。帰化とは、日本国籍を有しない者からの国籍の取得を希望する旨の意思表示に対して、国家が許可することによって日本国籍を与える制度です。帰化の許可は法務大臣の権限とされています。国籍の選択とは外国の国籍と日本の国籍を有する人(重国籍者)が、22歳に達するまでに(20歳に達した後)に重国籍者になった場合は、重国籍になった時から2年以内に、どちらかの国籍を選択しなければならない制度です。選択しない場合、日本の国籍を失うことがありますので注意してください。詳しくは横浜地方法務局相模原支局にお問い合わせください。

#### ■ 問い合わせ先

横浜地方法務局相模原支局

(相模原市富士見 6-10-10) Tel.042-753-2110

### (2)外国人登録

日本に90日以上滞在する予定の外国人は、必ず外国人登録をしなければなりません。登録申請等については、本人が戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかで手続きをしてください。(16歳未満の人は、16歳以上で同一世帯の家族の人が代理で行ってください。)登録すると、「外国人登録証明書」を発行します。外国人登録証明書は身分を証明するものですので、いつも携帯しなければなりません。

### Pagsasamamamayan/Pamimili ng Nasyonalidad (Naturalization/Selection of Nationality)

Ang sistema ng pagsasamamamayan ay isang paraan upang makamit ng dayuhan ang nasyonalidad ng Hapon. Alinsunod sa sistema ng pagsasamamamayan, ang mga taong walang nasyonalidad sa Hapon ay bibigyan ng nasyonalidad sa Hapon kung sila ay magpapahayag ng kanilang pagnanais na makamit ang nasyonalidad ng Hapon at kung kanilang pagnanais ay papahintulutan ng bansang Hapon. Ang Minister of Justice ay may kapangyarihan na magpahintulot ng aplikasyon sa pagsasamamamayan. Ang mga taong may nasyonalidad sa ibang bansa at sa Hapon (dobleng nasyonalidad) ay kailangang mamili ng nasyonalidad bago dumating ang ika-22 taong gulang (kung makamit ang dobleng nasyonalidad makaraan ang ika-20 taong gulang, sa loob ng 2 taon mula ng makamit ang dobleng nasyonalidad). Ito ay sistema ng pamimili ng nasyonalidad. Ipinapa-alala lamang na ang mga hindi pumili ay maaaring mawalan ng nasyonalidad sa Hapon. Para sa mga karagdagang impormasyon, magtanong lamang sa Yokohama District Legal Affairs Bureau Sagami-hara Branch Office.

#### ■ Para sa mga Katanungan

Yokohama District Legal Affairs Bureau Sagami-hara Branch Office

(6-10-10 Fujimi, Sagami-hara City) Tel: 042-753-2110

### (2) Pagpapalista ng mga Dayuhan (Alien Registration)

Ang Alien Registration ay kailangan ng mga dayuhan na nais manatili ng mahigit 90 araw sa Hapon. Para sa aplikasyon, kailangang magpunta at mag-rehistro ng personal sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office (ang pagpapalista ng mga taong 16 taong gulang at pababa ay kailangang gawin ng pamilyang kasama sa tirahan na may higit sa 16 taong gulang bilang kinatawan niya). Bibigyan ng "Sertipiko ng Alien Registration" matapos mag-rehistro. Ang sertipikasyon ay opisyal na magpapatunay ng personal na mapagkikilanlan at kinakailangang dalhin ito ng palagian.

### Bagong Aplikasyon ng Pagpapa-rehistro 新規登録申請

Dahilan 事由	Panahon ng Aplikasyon 申請期間	Mga Bagay na Kailangan 必要なもの
Pumasok sa bansa 入国したとき	Sa loob ng 90 araw mula ng pumasok sa bansa 入国した日から90日以内	Pasaporte, 2 larawan (4.5 cm pataas × 3.5 cm pahalang, hindi kailangan ng mga taong may mababa sa 16 taong gulang) パスポート、写真2枚(縦4.5cm×横3.5cm、16歳未満は不要)
Ipinanganak ang bata 子どもが生まれたとき	Sa loob ng 60 araw matapos ipanganak 生まれた日から60日以内	Report ng Kapanganakan o Sertipiko ng Pagtanggap ng Report ng Kapanganakan 出生届または出生届受理証明書
Pagtiwalag sa nasyonalidad ng Hapon 日本国籍を離脱したとき	Sa loob ng 60 araw mula ng pagtiwalag 離脱した日から60日以内	Sertipiko ng Pagtiwalag ng Nasyonalidad, 2 larawan (4.5 cm pataas × 3.5 cm pahalang, hindi kailangan sa mga taong 16 taong gulang pababa) 国籍離脱証明書、写真2枚(縦4.5cm×横3.5cm、16歳未満は不要)

### Aplikasyon ng Pagpapatotoo (Pagbabago) 確認(切替交付)申請

Edad 年齢	Panahon ng Aplikasyon 申請期間	Mga Bagay na Kailangan 必要なもの
Taong may higit sa 16 taong gulang 16歳以上の人	Panahon na nakasaad sa Sertipiko ng Alien Registration 登録証明書に記載されている期間	Pasaporte, 2 larawan (4.5 cm pataas × 3.5 cm pahalang), Sertipiko ng Alien Registration パスポート、写真2枚(縦4.5cm×横3.5cm)、外国人登録証明書
Taong maginging 16 taong gulang 16歳になる人	Sa loob ng 30 araw mula sa ika-16 taon na kaarawan 16歳の誕生日から30日以内	

# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き



### Aplikasyon ng Pagpapalit ng Rehistro 変更登録申請

Dahilan ng Pagpapalit 変更事由	Panahon ng Aplikasyon 申請期間	Mga Bagay na Kailangan 必要なもの
Nagpalit ng lugar ng tirahan 住所を変更したとき	Sa loob ng 14 na araw matapos lumipat Kung lumipat sa labas ng Sagamihara City, i-apply sa Municipal Office sa bagong lugar ng tirahan. 引っ越した日から14日以内 相模原市以外に引っ越した場合は、新しい 居住地の役所に申請してください。	Sertipiko ng Alien Registration Pasaporte 外国人登録証明書 パスポート
Nagpalit ng pangalan, nasyonalidad, kalagayan ng bisa, panahon ng pananatili, trabaho o lugar na pinapasukan (Ang mga taong naninirahan ng permanente/taong espesyal na naninirahan ng permanente ay hindi na kailangan ang report ng trabaho o lugar na pinapasukan) 氏名、国籍、在留資格、在留期間、 職業、勤務先の変更をしたとき(永 住者・特別永住者の人は、職業、勤 務先の届出は不要です)	Sa loob ng 14 na araw matapos ang pagpapalit 変更後14日以内	Sertipiko ng Alien Registration, dokumento na nagpapatunay ng pagpapalit 外国人登録証明書、変更があったことが確認できるもの

### At Iba Pang Aplikasyon その他の申請

Uri ng Aplikasyon 申請の種類	Dahilan 事由	Panahon ng Aplikasyon 申請期間	Mga Bagay na Kailangan 必要なもの
Aplikasyon ng Pagpapalit/Pagbabago 引替交付申請	Kung ang Sertipiko ng Alien Registration ay masyadong nadumihan/nasira. Kung may pagbabago/pagtatama sa pangalan, nasyonalidad, araw ng kapanganakan, kasarian. 外国人登録証明書がひどく汚れ たり破損したりしたとき。 氏名、国籍、生年月日、性別に 変更・訂正があったときなど。	Kahit kailan 随時	Pasaporte, 2 larawan (4.5 cm pataas × 3.5 cm pahalang, hindi kailangan ng mga taong may mababa sa 16 taong gulang) パスポート、写真2枚(縦4.5cm× 横3.5cm、16歳未満は不要)
Aplikasyon ng Muling Pagbibigay 再交付申請	Kung ang Sertipiko ng Alien Registration ay nawala o nanakaw 外国人登録証明書をなくしたり、 盗難にあったりしたときなど。	Sa loob ng 14 na araw mula ng mawala なくした日から14日以内	Pasaporte, 2 larawan (4.5 cm pataas × 3.5 cm pahalang, hindi kailangan ng mga taong may mababa sa 16 taong gulang) パスポート、写真2枚(縦4.5cm× 横3.5cm、16歳未満は不要)

### Pagsasauli ng Sertipiko ng Alien Registration

Isauli lamang ang Sertipiko ng Alien Registration sa mga sumusunod na katayuan.

- Kung labas ng bansa, maliban kung may pahintulot na muling makapasok sa bansa, isauli lamang sa airport o sa port of departure.
- Kung nagkaroon ng nasyonalidad ng Hapon, isauli sa loob ng 14 araw ng personal sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office.
- Kung namatay, isauli sa loob ng 14 na araw sa kinatawan ng Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office.

### Sertipikadong Kopya ng Alien Registration

Ang sertipikadong kopya ng Alien Registration ay nagpapatunay na ang sarili ay may rehistradong impormasyon ng lugar ng tirahan. Ang aplikasyon ay kailangang gawin ng personal o ng pamilya na kasamang naninirahan na may 16 taong gulang o higit pa. Kung ibang kinatawan ang gagawa ng aplikasyon, kailangan ng sulat na ginawa ng aplikante na nakasaad ng pagbibigay ng karapatan. Ang pagbibigay ng kopya ay nagkakahalaga ng 300 yen isang kopya.

#### ■ Para sa mga Katanungan

- Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall Tel: 042-769-8294

### 外国人登録証明書の返納

次のような場合、外国人登録証明書を返納してください。

- 出国するとき 再入国許可を受けている場合を除いて、空港や港で審査官へ返納
- 日本国籍になったとき 本人が14日以内に戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかへ返納
- 死亡したとき 代理人が14日以内に戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課のいずれかへ返納

### 外国人登録原票記載事項証明書

外国人登録原票記載事項証明書は、本人のために居住地などの登録事項を証明するものです。申請は本人または16歳以上で同一世帯の家族の人がしてください。それ以外の代理の人が申請するときは、本人直筆の委任状が必要です。発行手数料は1通300円です。

#### ■ 問い合わせ先

- 市役所戸籍住民課 TEL042-769-8294



# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き

### (3) 戸籍

日本では、子どもが生まれたとき、死亡したとき、結婚したときや離婚したときに、手続きをする必要があります。外国人についても、戸籍法の規定に基づいて戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課または各出張所へ届出をしてください。なお、外国人登録の変更については、戸籍住民課、各市民課へ届出をしてください。

#### 出生届(子どもが生まれたとき)

子どもが生まれた日から14日以内に、父か母がその住所または出生地で届出をします。出生証明書(医師または助産婦の証明を受けてください)と母子健康手帳を持参してください。また、出生届後に外国人登録の申請をしてください。

#### 死亡届(人が亡くなったとき)

人が亡くなった日から7日以内に届出人(親族、同居者、家主など)がその住所または死亡地で届出をします。死亡診断書(医師の証明を受けてください)を持参してください。この際には外国人登録証明書も返納してください。また、死体を火葬・埋葬する場合には、死亡届をするときに死体埋・火葬許可証の申請をする必要があります。

#### 婚姻届・離婚届など

婚姻届・離婚届などの戸籍関係の届出について詳しいことは、戸籍住民課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課または各出張所へお問い合わせください。

#### 届出受理証明書

出生届、死亡届、婚姻届などの戸籍関係の届出をしたという証明書が必要なときは申請してください。発行手数料は1通350円です。

#### ■ 問い合わせ先

- 市役所戸籍住民課 Tel.042-769-8337
- 城山市民課  
(相模原市城山町久保沢 1-3-1 城山総合事務所内)  
Tel.042-783-8105
- 津久井市民課  
(相模原市津久井町中野 633 津久井総合事務所内)  
Tel.042-784-1141 内線 221・222
- 相模湖市民課  
(相模原市相模湖町与瀬 896 相模湖総合事務所内)  
Tel.042-684-3211 内線 262・263
- 藤野市民課  
(相模原市藤野町小淵 2000 藤野総合事務所内)  
Tel.042-687-2111 内線 111・112
- 各出張所(→54 ページ)

### (4) 印鑑登録

市役所などの公の機関に登録した印鑑を「実印」といいます。また、その印鑑が実印であることを証明する書類を「印鑑登録証明書」といいます。日本では、土地や家などの不動産や自動車を買うときなど、重要な契約をする際に実印や印鑑登録証明書が必要となります。

### (3) Reistrasyon ng Pamilya (Family Registration)

Sa Hapon, kinakailangang gumawa ng hakbang para sa batang ipinanganak o para sa taong namatay, nag-asawa o naghiwalay na pamilya. Gayundin ang mga dayuhan, kailangan itong i-rehistro ayon sa regulasyon ng Family Registration Law sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall, Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office, o sa bawat city branch office. Gayundin, i-rehistro ang pagpapalit ng Alien Registration sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall o Dibisyon ng Resident sa bawat branch office.

#### Report ng Kapanganakan (Kung ang bata ay ipinanganak)

Ang kapanganakan ng bata ay kailangang i-report ng ama o ina sa loob ng 14 na araw sa lugar kung saan nakatira o lugar kung saan ipinanganak. Dalhin ang Sertipiko ng Kapanganakan (humingi ng sertipiko sa doktor o komadrona na nagpa-anak) at ang Aklat-patnubay ukol sa Kalusugan ng Ina at Anak (Boshi Kenko Techo). Gayundin, mag-apply para sa Alien Registration matapos i-ulat ang kapanganakan.

#### Report ng Kamatayan (Kung ang tao ay namatay)

Ang kamatayan ng tao ay kailangang i-ulat (ng miyembro ng pamilya, taong kasama sa tirahan, kasero, at iba pa) sa loob ng 7 araw sa City Hall ng lugar ng tirahan o ng lugar ng kamatayan. Dalhin ang Kasulatan ng Pagsusuri sa Kamatayan (humingi ng sertipiko sa doktor). Isauli na rin ang Sertipiko ng Alien Registration. Kung ang labi ay susunugin/ibuburol, kailangang gumawa ng kahilingan o aplikasyon para sa pahintulot sa pagsunog/pagburol ng labi.

#### Report ng Kasal/Paghihiwalay at iba pa

Para sa detalye ukol sa mga ulat ng may kaugnayan sa rehistrasyon ng pamilya tulad ng kasal/paghihiwalay at iba pa, magtanong lamang sa Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall, Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office, o sa bawat city branch office.

#### Sertipiko ng Pagtanggap ng Ulat

Humiling o mag-apply kung kailangan ng sertipiko na may kaugnayan sa rehistrasyon ng pamilya tulad ng ulat ng kapanganakan, ulat ng kamatayan, ulat ng kasal at iba pa. Ang pagbibigay ng kopya ay nagkakahalaga ng 350 yen isang kopya.

#### ■ Para sa mga Katanungan

- Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall Tel: 042-769-8337
- Dibisyon ng Resident sa Shiroyama Branch Office  
(Shiroyama Comprehensive Office, 1-3-1 Kubosawa, Shiroyama-cho, Sagamihara City) Tel: 042-783-8105
- Dibisyon ng Resident sa Tsukui Branch Office  
(Tsukui Comprehensive Office, 633 Nakano, Tsukui-cho, Sagamihara City)  
Tel: 042-784-1141 ext. 221/222
- Dibisyon ng Resident sa Sagamiko Branch Office  
(Sagamiko Comprehensive Office, 896 Yose, Sagamiko-cho, Sagamihara City)  
Tel: 042-684-3211 ext. 262/263
- Dibisyon ng Resident sa Fujino Branch Office  
(Fujino Comprehensive Office, 2000 Obuchi, Fujino-cho, Sagamihara City)  
Tel: 042-687-2111 ext. 111/112
- Bawat city branch office (sa Pahina 54)

### (4) Reistrasyon ng Pantatak (Stamp/Seal Registration)

Ang pantatak na naka-rehistro sa Gobyerno tulad ng City Hall ay tinatawag na “jitsuin”. Ang “Sertipiko ng Reistrasyon ng Pantatak” ay dokumento na nagpapatunay na ang pantatak ay naka-rehistro bilang jitsuin. Sa Hapon, ang jitsuin at ang Sertipiko ng Reistrasyon ng Pantatak ay kailangan sa mga importanteng kontrata, kung bibili ng real estate tulad ng lupa o bahay, sasakyan at iba pa.

# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き



### Aplikasyon ng Rehistrasyon ng Pantatak

Ayon sa patakaran, ang mga taong may Alien Registration na may higit sa 15 taong gulang lamang ang maaaring mag-rehistro ng pantatak at ito ay ginagawa ng personal. Dalhin lamang ang pantatak na nais i-rehistro at ang Sertipiko ng Alien Registration. Ipinapa-alala lamang na hindi maaaring isagawa ang rehistrasyon ng mga sumusunod na pantatak.

- Ang mga pantatak na ang kabuang pangalan, alyas, pangalan at apelyido na hindi nakasaad sa Sertipiko ng Alien Registration.
- Trabaho, kalagayan at ibang pangalan maliban sa nakasaad.
- Goma at iba pang pantatak na gawa sa materyal na madaling magbago ng hugis.
- Nakaukit ng mas maliit sa 8 mm parisukat o mas malaki sa 25 mm parisukat.
- Ang ukit na hindi malinaw at hindi mabasa.
- Walang kapaligirang kwadrado.

Bibigyan ng "Sagamihara Card" matapos ang rehistro. Ang kabayaran sa rehistrasyon ay libre.

### Sertipiko ng Rehistrasyon ng Pantatak

Huwag kalilimutang dalhin ang "Sagamihara Card" para sa aplikasyon upang makakuha ng Sertipiko ng Rehistrasyon ng Pantatak. Kung nais mag-apply ng may kinatawan, ibigay ang "Sagamihara Card", at sabihin sa kinatawan ang pangalan, tirahan, araw ng kapanganakan ng aplikante at bilang ng kopya. Hindi na kailangan ang sulat galing sa aplikante. Ang pagbibigay ng kopya ay nagkakahalaga ng 300 yen isang kopya.

#### ■ Para sa mga Katanungan/Aplikasyon

- Dibisyon ng Resident Registration sa City Hall Tel: 042-769-8227
- Dibisyon ng Resident sa Shiroyama Branch Office (Shiroyama Comprehensive Office, 1-3-1 Kubosawa, Shiroyama-cho, Sagamihara City) Tel: 042-783-8105
- Dibisyon ng Resident sa Tsukui Branch Office (Tsukui Comprehensive Office, 633 Nakano, Tsukui-cho, Sagamihara City) Tel: 042-784-1141 ext. 221/222
- Dibisyon ng Resident sa Sagamiko Branch Office (Sagamiko Comprehensive Office, 896 Yose, Sagamiko-cho, Sagamihara City) Tel: 042-684-3211 ext. 262/263
- Dibisyon ng Resident sa Fujino Branch Office (Fujino Comprehensive Office, 2000 Obuchi, Fujino-cho, Sagamihara City) Tel: 042-687-2111 ext. 111/112
- Bawat city branch office, bawat liaison office (Para lamang sa pagbibigay ng Sertipiko) (sa Pahina 54)

### (5) Seguro ng mga Mamamayan para sa Kalusugan (National Health Insurance)

Ang Seguro para sa Kalusugan ay sistema ng damayang pagsuporta. Ang kabayaran dito ay regular na kinu-kolekta at ginagamit upang mapagaan ang gastusin sa pagpapagamot sakaling magkasakit o masugatan. May Seguro para sa Kalusugan na maaaring kuhanin sa pinagta-trabahuhan at Seguro ng mga Mamamayan para sa Kalusugan (National Health Insurance) na maaaring kuhanin sa munisipyo kung saang lugar nakatira. Ang mga taong may tinitirahan sa Hapon ay kailangang kumuha ng alinman sa pampublikong seguro pang-medikal, na kailangang bayaran ang Seguro (buwis) upang makapagpagamot ng sakit o pinsala sa katawan sa mababang halaga na ang babayaran ay 10-30% lamang. Kinakailangang kumuha ng Seguro ng Mamamayan para sa Kalusugan na isinasagawa ng city, town o village kung ang mga taong may nasyonalidad sa ibang bansa ay umaangkop sa 3 kondisyon sa ibaba.

- Ang mga taong may Alien Registration.
  - Ang mga taong mananatili ng 1 taon o mahigit pa ayon sa legal na bisa.
  - Ang mga taong hindi kumuha ng pampublikong Seguro para sa Kalusugan (Social Insurance) ng pinapasukang trabaho
- \* Ang travel insurance at visitor's casualty insurance ay hindi pampublikong Seguro para sa Kalusugan.

Kailangan sa pagkuha ang Sertipiko ng Alien Registration o Sertipiko ng Diskwalipikasyon (kung huminto sa Health Insurance ng pinapasukang trabaho).

### 印鑑登録申請

印鑑登録することができるのは、15歳以上で外国人登録をしている人で、申請は原則として本人に限ります。登録したい印鑑と外国人登録証明書を持参してください。なお、次にあげる印鑑は登録できません。

- 外国人登録証明書に記載されている氏名や通称名または名字や名前を表していないもの
- 職業、資格、その他氏名以外のことを表しているもの
- ゴム印やその他変形しやすい材質のもの
- 印影の大きさが、一辺の長さ 8mmの正方形より小さいもの、または一辺の長さが 25mmの正方形より大きいもの
- 印影が不鮮明で文字が判読できないもの
- 外枠のないものなど

登録されると「さがみはらカード」を発行します。登録手数料は無料です。

### 印鑑登録証明書

印鑑登録証明書の交付申請をするときは、必ず「さがみはらカード」を持参してください。代理の人に申請を依頼するときは、「さがみはらカード」を渡し、住所、氏名、生年月日、通数を伝えてください。委任状等は必要ありません。発行手数料は 1 通 300 円です。

#### ■ 問い合わせ先・申請先

- 市役所戸籍住民課 Tel042-769-8227
- 城山市民課 (相模原市城山町久保沢 1-3-1 城山総合事務所内) Tel042-783-8105
- 津久井市民課 (相模原市津久井町中野 633 津久井総合事務所内) Tel042-784-1141 内線 221-222
- 相模湖市民課 (相模原市相模湖町与瀬 896 相模湖総合事務所内) Tel042-684-3211 内線 262-263
- 藤野市民課 (相模原市藤野町小淵 2000 藤野総合事務所内) Tel042-687-2111 内線 111-112
- 各出張所、各連絡所(証明書類の発行のみ) (→54 ページ)

### (5) 国民健康保険

健康保険は、病気やけがなどで医療機関にかかったときの経済的負担を軽くするために、普段からお金を出し合っ て医療費に充てる、相互扶助を目的とした医療保険制度です。健康保険には勤務先で加入する保険と住所のある市町村で加入する国民健康保険があります。日本に住所のある人は、いずれかの公的医療保険に加入し、保険税(料)を支払うことが必要ですが、病気やけがのとき治療費の30~10%を支払うだけで、低額で安心した医療が受けられます。外国国籍の人で、次の3項目すべてにあてはまる人は、必ず市町村が行っている国民健康保険に加入しなければなりません。

- 外国人登録をしている人
- 適法な在留資格によって1年以上の在留期間がある人
- 勤務先の公的な健康保険(社会保険)に加入していない人

\* 旅行者、滞在者の傷害保険は、公的な健康保険ではありません。

加入には、外国人登録証明書、資格喪失証明書(勤務先の健康保険をやめた場合)などが必要です。



# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き

### 保険証

保険証は、病気やけがをして医療機関にかかるとき、窓口で提示する必要がある書類ですので大切に保管してください。氏名、住所などの記載内容が変わったときには14日以内に届け出てください。また、社会保険に加入するときや出国、市外転出するときは必ず返還し、あわせて保険料の精算をしてください。

### 保険料

保険料は、前年中の総所得金額等・本年度の固定資産税額・世帯の被保険者数に応じて計算され、原則として、6月から翌年3月までの10回(期)で納めていただきます。保険料納税通知書は6月にお送りします。添付された納付書で、銀行、郵便局などの指定金融機関、市役所本庁舎、各総合事務所などの窓口またはコンビニエンスストアで、納期限までに納めてください。また、銀行や郵便局などの口座から自動引落しで納付する、便利な口座振替もご利用いただけます。ご希望の方は、国民健康保険課にお問い合わせください。

保険料の有効期限は通常は2年間です。保険料を滞納すると、その期間が6か月間に短縮された「短期被保険者証」の交付や、医療機関の窓口で一時的に100%の治療費の支払いが必要となる「被保険者資格証明書」が交付されることがあります。

### 保険給付

病気やけがをして医療機関にかかる時、治療費の70~90%を市で支払い、残りの30~10%は、一部負担金として加入者が医療機関の窓口などで支払うこととなります。また、加入者が出産したときには、一定額の出産育児一時金が支給され、加入者が死亡したときには、その葬祭を行った人に一定額の葬祭費が支給されます。

### 保健事業

国民健康保険加入の人を対象に市内の協力医療機関で、次の検診を行っています。また、人間ドック、脳ドックの検査料の助成も行っています。受診等に当っては、いずれも事前に申し込みが必要となります。申込方法、受診機関などの詳細は、「広報さがみはら」や市ホームページでお知らせします。

### Sertipiko ng Seguro

Ingatang mabuti ang Sertipiko ng Seguro sapagkat ito ay dokumento na kailangang ibigay sa counter ng pagamutan sa pagpapagamot ng sakit o pinsala sa katawan. I-report sa loob ng 14 na araw kung may pagbabago sa nakasaad na pangalan, tirahan at iba pa. Gayundin, isauli ang Sertipiko kung kukuha ng Social Insurance, lababas ng bansa o lilipat sa labas ng Lungsod, at bayaran ang mga natitirang buwis ng Seguro.

### Buwis ng Seguro

Ang Buwis ng Seguro ay tutuusin ayon sa kabuuang halaga ng kinita ng nakaraang taon, halaga ng Buwis para sa mga Pirmihang Ari-arian sa pangkasalukuyang taon at bilang ng tao sa pamilya na naka-seguro. Ayon sa patakaran, ang pagbabayad sa buwis ay hahatiin sa 10 beses (panahon) mula Hunyo hanggang Marso ng susunod na taon. Ipapadala sa Hunyo ang papel ng babayaranang buwis ng seguro. Gamitin ang papel ng babayaran na nilalipat sa nasabing papel at magbayad lamang ng buwis ng seguro sa itinalagang financial institution tulad ng bangko at post office, City Hall Main Office, tanggapan sa bawat comprehensive office o convenience store matapos ang nakatakdang panahon. Maaari ding magbayad sa pamamagitan ng bank account transfer na kusang babawasan ang buwis sa itinalagang account sa bangko o post office. Kung nais gumamit ng bank account transfer, magtanong lamang sa Dibisyon ng National Health Insurance sa City Hall.

Ang Sertipiko ng Seguro para sa Kalusugan ay may pangkaraniwang bisa hanggang 2 taon. Subalit, kung mayroong Buwis ng Seguro na hindi nabayaran, maaaring bigyan ng "Sertipiko ng Taong Naka-Seguro para sa Maikling Panahon" na magpapa-ikli sa panahon ng bisa ng Sertipiko ng 6 na buwan o ng "Sertipiko ng Kalagayan ng Taong Naka-Seguro" na kinakailangang bayaran ng pansamantala ang mga gastusin sa pagpapagamot ng 100%.

### Benepisyo ng Seguro

Babayaran ng Munisipyo ang nagamit ng 70-90% na halaga kung magpapagamot ng sakit o pinsala sa katawan sa pagamutan, at ang natirang 10-30% ay kinakailangang bayaran ng kumuha ng Seguro. Gayundin, kung ang kumuha ng Seguro ay nanganak, bibigyan ng nakatalagang halaga sa panganganak, at kung ang kumuha ng Seguro ay namatay, bibigyan ng nakatalagang halaga ang taong nagbabayad ng libing.

### Serbisyo ng Seguro

Ang mga sumusunod na pagsusuri ay isinasagawa sa mga tumutulong na institusyong pang-medikal sa loob ng Lungsod. Bibigyan din ng suporta para sa pagbabayad sa "Ningen Dock" (complete medical checkup) at "No Dock" (complete medical checkup para sa utak).

Kinakailangan ang maagang aplikasyon upang makakuha ng mga pagsusuri sa ibaba. Ipapahayag sa "Koho Sagamihara" bulletin o sa Website ng Lungsod ang mas malawak na impormasyon ukol sa paraan ng aplikasyon at lokasyon ng pagsusuri.

Pangalan ng Pagsusuri 検診項目	Uri ng Pagsusuri 検診内容	Mga Nararapat na Tao 対象者	Bayad 費用
Itinalagang Pagsusuri sa Kalusugan 特定健康診査	Pagsukat ng bigat at taas ng katawan, pagsusuri sa dugo, pagsusuri sa ihi, at iba pa 身体計測、血液検査、尿検査など	Mga taong may 40 hanggang 74 na taong gulang 40歳から74歳の人	May bayad *Walang bayad para sa mga taong may higit sa 70 taong gulang 有料 *70歳以上無料
Pagsusuri sa Kalusugan 健康診査		Mga taong may 30 hanggang 39 na taong gulang 30歳から39歳の人	May bayad 有料
Pagsusuri sa Kalusugan ng Ngipin 歯科健康診査	Pagsusuri sa loob ng bibig, pagsukat ng periodontal pocket 口腔内診査、歯周ポケット測定		

### ■ 問い合わせ先

市役所国民健康保険課

賦課担当 TEL042-769-8296  
企画給付担当 TEL042-769-8235  
収納担当 TEL042-769-8234

### 【留学生のための医療費補助制度】

外国人留学生の場合は国民健康保険などの医療保険に加入する必要があります。病気やけがのときに支払う治療費(全治療費の30%)の一部を独立行政法人日本学生支援機構によって補助する制度があります。

### ■ 問い合わせ先

各大学等の留学生担当課

### ■ Para sa mga Katanungan

Dibisyon ng National Health Insurance sa City Hall

Seksyon ng Premiums Levy TEL: 042-769-8296  
Seksyon ng Planning and Benefit TEL: 042-769-8235  
Seksyon ng Premiums Payment TEL: 042-769-8234

### 【Programang Tulong na Gastos Pang-medikal sa mga Dayuhang Estudyante】

Ang mga dayuhang estudyante ay kailangan ding kumuha ng seguro pang-medikal tulad ng Seguro ng mga Mamamayan para sa Kalusugan. Ang Independent Administrative Institution "Japan Student Services Organization" ay may programang pinansyal na tulong na magbabayad ng bahagi ng gastusin sa pagpapagamot (30% ng buong gastusin sa pagpapagamot) kung magkakasakit o masusugatan ang mga dayuhang estudyante.

### ■ Para sa mga Katanungan

Foreign Student Affairs Office sa bawat paaralan

# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き



### (6) Programa ng Pensyon (Pension Program)

Ang mga taong naninirahan sa loob ng Hapon mula 20 taong gulang hanggang bago mag-60 taong gulang ay kailangang kumuha ng pensyong pampubliko, gayundin ang mga dayuhan. Ang mga taong pangkaraniwang namamasukan sa opisina ay kailangang kumuha ng Welfare Pension at ang mga hindi maaaring kumuha ng Welfare Pension ay kailangang kumuha ng National Pension. Kung nabuo na ang mga kundisyon na kailangan sa pagtanggap, bilang patakaran, mula 65 taong gulang hanggang mamatay, kahit nasa labas ng bansang Hapon ay maaaring tumanggap ng pensyon. Ang halaga ng pensyon ay ibabata sa pangkaraniwang pamumuhay sa loob ng bansang Hapon at pag-aaralan ito taon-taon kung dapat baguhin.

#### National Pension

Ang mga taong may Alien Registration sa Lungsod na ito at may higit sa 20 taong gulang hanggang bago mag-60 taong gulang na hindi maaaring kumuha ng Welfare Pension o iba pa, ay kailangang kumuha ng National Pension (kasama na rin ang asawa na may Welfare Pension). Gayundin, susumihin ang halaga ng Seguro mula sa panahon ng pagbabayad at sa panahon na libre ang pagbabayad, na, bilang patakaran, kailangang may higit 25 taon upang matanggap ang Pangkaraniwang Pensyon para sa May Matataas na Edad (mayroong espesyal na programa para sa mga taong may bisa para sa palagiang paninirahan).

#### 1. Hakbang sa Pagkuha

Maisasagawa sa Dibisyon ng National Pension sa City Hall, Dibisyon ng Resident alin man sa Shiroyama Branch Office, Tsukui Branch Office, Sagamiko Branch Office at Fujino Branch Office, o sa bawat city branch office (Dalhin ang Sertipiko ng Alien Registration at pasaporte).

#### 2. Halaga ng Seguro

Matapos kumuha, ang Seguro ay kailangang bayaran sa mga Financial Institution na gagamitin ang nakapahayag na babayaran na manggagaling sa Social Insurance Agency. Ang halaga ng Seguro ay iba-iba depende sa taon ngunit ito ay pare-pareho at walang kinalaman sa halaga ng sweldo o edad. Gayundin, sa mga nahihirapan sa pagbabayad sa halaga ng Seguro o estudyante, mayroon din libreng programa o programa na binibigyan ng palugit sa pagbabayad sa seguro.

#### 3. Klase ng Benepisyo ng Pensyon

Ang benepisyo ng pensyon ay may Pangkaraniwang Pensyon para sa May Matataas na Edad, Pangkaraniwang Pensyon para sa May Kapansanan, Pangkaraniwang Pensyon para sa Natirang Pamilya, Lump-sum na kabayaran para sa mga Nabalo, Pansamantalang Pensyon para sa mga Namatay, na dapat mabuo ang mga pirmihang kundisyon na kailangan upang matanggap.

#### 4. Hakbang sa Pagtanggap

Ang lahat ng pensyon ay hindi maaaring matanggap ang benepisyo kahit na may karapatan sa pagtanggap kung ang tao ay walang kahilingan. Para sa mga kahilingan, magtanong lamang sa Dibisyon ng National Pension sa City Hall o Sagamihara Social Insurance Office.

#### 5. Lump-sum Refund

Para sa mga may nasyonalidad sa ibang bansa na may maikling pananatili na hindi maaaring tumanggap ng benepisyo ng pensyon, kung ang halaga ng Seguro ay nabayaran sa mahigit na 6 na buwan at lumabas ng bansa, maaaring matanggap ang Lump-sum Refund ayon sa haba ng panahon na nabayaran ang buwis kung ito ay hihilingin sa loob ng 2 taon matapos lumabas ng bansa. Kung nais gumawa ng hakbang, ipadala sa Social Insurance Service Center (3-5-24 Takaido Nishi, Suginami-ku, Tokyo) na kalakip ang kapasahang papel ng kahilingan, Pension Notebook, kopya ng pasaporte na may tatak na nagpapatunay na lumabas sa bansa, kapatunayan ng account number sa bangko sa loob ng 2 taon matapos lumabas sa bansa.

#### ■ Para sa mga Katanungan

Dibisyon ng National Pension sa City Hall Tel: 042-769-8228  
Sagamihara Social Insurance Office  
(6-6-6 Sagami-Ono, Sagamihara City) Tel: 042-745-8101

#### Welfare Pension

Ang mga taong may nasyonalidad sa ibang bansa na nagta-trabaho sa Hapon na may pirmihang kondisyon ay kailangang kumuha ng Welfare Pension. Para sa mas malawak na impormasyon, magtanong sa Social Insurance Office.

#### ■ Para sa mga Katanungan

Sagamihara Social Insurance Office  
(6-6-6 Sagami-Ono, Sagamihara City) Tel: 042-745-8101

### (6) 年金制度

日本国内に住所を有する 20 歳以上 60 歳未満の人は、公的年金制度に加入することになっていますので、外国人の方も加入の対象となります。会社などに常時勤務している方は厚生年金に加入し、厚生年金に加入できない方は国民年金に加入しなければなりません。受給資格要件を満たすと、原則 65 歳から亡くなるまで、日本国外に居住していても年金を受給することができます。その年金額は日本国内の生活水準に合わせ、毎年度改定が検討されています。

#### 国民年金

本市に外国人登録があり、厚生年金など他の公的年金に加入していない 20 歳以上 60 歳未満の方は、国民年金に加入することになります(厚生年金などに加入している人の配偶者も含まれます)。また、老齢基礎年金を受給するためには、原則として保険料を納めた期間と保険料の免除等を受けた期間が通算して 25 年以上必要となります(永住権を持っている人については、特別措置があります)。

#### ①加入手続き

市役所国民年金課、城山市民課、津久井市民課、相模湖市民課、藤野市民課または各出張所で行います(外国人登録証明書、パスポートをお持ちください)。

#### ②保険料

加入手続き後、社会保険庁から送付された納付書により、金融機関などで納めていただけます。保険料の額は年度により変わりますが、所得額や年齢に関係なく一律です。また、保険料を納めることが困難な場合や学生である場合は、保険料の納付が免除又は猶予される制度もあります。

#### ③年金の給付の種類

年金の給付には、老齢基礎年金、障害基礎年金、遺族基礎年金、寡婦年金、死亡一時金があり、一定の要件を満たしていれば受給することができます。

#### ④受給手続き

全ての年金は、受給資格があっても本人の請求がなければ支給されません。請求先については、市役所国民年金課または相模原社会保険事務所へ問い合わせてください。

#### ⑤脱退一時金

短期在留で年金給付が受けられない外国籍の方は、保険料を6か月以上納めて出国した場合、出国後2年以内に請求すれば、保険料納付済期間に応じて脱退一時金を受け取ることができます。手続きをする場合、出国後2年以内に脱退一時金裁定請求書に、年金手帳、出国の証印を押されたパスポートの写し、銀行口座の番号が確認できるものを添付して、社会保険業務センター(東京都杉並区高井戸西 3-5-24)へ請求してください。

#### ■ 問い合わせ先

市役所国民年金課 Tel:042-769-8228  
相模原社会保険事務所  
(相模原市相模大野 6-6-6) Tel:042-745-8101

#### 厚生年金

一定の条件で日本の会社に勤務している外国籍の方は、厚生年金に加入することになっています。詳しくは社会保険事務所に問い合わせてください。

#### ■ 問い合わせ先

相模原社会保険事務所  
(相模原市相模大野 6-6-6) Tel:042-745-8101



# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き

### (7) 介護保険

介護保険は、寝たきりや認知症等により介護や支援が必要となった人に、在宅や施設などで各種の介護サービス及び介護予防サービスを給付するための制度で、被保険者が納める介護保険料と国、県及び市の負担金により市が運営しています。介護保険は、国籍を問わず、日本に住所のある 40 歳以上のすべての人が加入して被保険者となり、保険料を納めなければなりません。

介護が必要となったときには、かかった費用の 1 割の自己負担でサービスを利用することができます。

#### 保険料

40 歳から 64 歳までの人と、65 歳以上の人とは異なります。

##### ①40 歳から 64 歳までの人

保険料の計算の仕方や額は、加入している健康保険によって異なります。加入している健康保険の保険料(税)とあわせて納めていただきます。

##### ②65 歳以上の人

保険料は所得に応じて 8 段階に分けて計算されます。高齢・退職・障害・遺族年金が月額 1 万 5 千円(年額 18 万円)以上の人は、年金から天引きされます。それ以外の人は、口座振替などによって市に納めていただきます。

#### 給付対象者

##### ①40 歳から 64 歳までの人

末期がん、初老期認知症、脳血管疾患など、16 種類の病気によって支援や介護が必要となった人

##### ②65 歳以上の人

日常生活動作等について、支援や介護が必要な人。

①と②に該当する人が介護保険によるサービスを利用する場合には、あらかじめ、要介護又は要支援の認定を受ける必要があります。

#### ■ 問い合わせ先

##### 市役所介護保険課

##### ・ 保険料・給付に関すること

Tel.042-769-8321

##### ・ 要介護認定等の申請に関すること

Tel.042-769-8342

### (8) 税金

税金には、国の税金と神奈川県、相模原市の税金があります。それぞれの税金については、国の機関、県の機関または相模原市役所に納めていただきます。主な相模原市の税金は、以下のとおりです。

#### 市民税・県民税

1 年以上日本国内に居住している外国籍の人、または 1 年以上日本国内に居住することが見込まれる外国籍の人で、1 月 1 日現在、市内に住所がある人は、前年中の所得に対して市民税および県民税が課税されます。この場合には、2 月 16 日から 3 月 15 日までに、前年中(1 月から 12 月まで)の所得等に関する申告書を市役所へ提出してください。ただし、勤務先から市役所に給与支払報告書が提出されている場合や、税務署に確定申告をした場合は、市役所への申告は必要ありません。なお、留学生や技術研修生は、免税になる場合があります(詳細はお問い合わせください)。

納期は、原則 6 月・8 月・10 月・翌年 1 月の 4 回です(毎月の給与から差し引かれる場合は、6 月から翌年 5 月までの 12 回です)。

### (7) Seguro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance)

Ang Seguro sa Pag-aalaga ay programa na nagbibigay ng iba't ibang serbisyo sa pag-aalaga sa bahay o pasilidad sa mga nangangailangan ng alaga at tulong dahil sa pagkakarawat sa higaan o naghihirap dahil sa panghihina ng memorya at iba pa. Ito ay palakad ng Lungsod sa pamamagitan ng buwis para sa Seguro sa Pag-aalaga na binabayaran ng kumuha ng Seguro at ng benepisyo mula sa Pambansang Gobyerno, Gobyerno ng Prefecture at Gobyerno ng Lungsod. Kahit anumang nasyonalidad, ang mga taong may higit 40 taong gulang na nananatili sa Hapon ay kailangang kumuha at magbayad ng Seguro sa Pag-aalaga.

Maaring gamitin ang serbisyo kung kailangan ang pag-aalaga na 10% lamang ang babayaran sa nagamit na halaga.

#### Halaga ng Seguro

Iba sa mga taong mula 40 taong gulang hanggang 64 na taong gulang at sa mga taong may higit sa 65 taong gulang.

##### 1. Ang mga Taong mula 40 Taong gulang hanggang 64 na Taong gulang

Ang kalkula sa halaga ng Seguro ay iba-iba ayon sa kinuhang Seguro Pangkalusugan. Ang halaga ng Seguro (buwis) ay kasamang babayaran sa kinuhang Seguro Pangkalusugan.

##### 2. Ang mga Taong May Higit sa 65 Taong gulang

Ang halaga ng Seguro ay nahahati sa 8 baytang ayon sa kinita. Ang buwis ng mga taong may Pensyon para sa May Matataas na Edad, Pensyon para sa Nagretiro, Pensyon para sa May Kapansanan at Pensyon para sa Natirang Pamilya, na tumatanggap ng 15,000 yen bawat buwan (180,000 yen bawat taon) o higit pa ay ibabawas sa Pensyon. Para sa mga taong hindi umaangkop dito, ito ay babayaran sa Lungsod sa pamamagitan ng automatic debit o iba pa.

#### Mga Taong Karapat-dapat sa Benepisyo

##### 1. Ang mga Taong mula 40 Taong gulang hanggang 64 na Taong gulang

Ang mga taong nangangailangan ng pangangalaga at tulong na resulta ng alin man sa 16 na klase ng karamdaman tulad ng end-stage cancer, panghihina ng memorya sa unang panahon ng pagtanda, pagkakapinsala ng ugat sa utak.

##### 2. Ang mga Taong May Higit sa 65 Taong gulang

Ang mga taong nangangailangan ng alalay at tulong sa mga pang-araw-araw na gawain sa pamumuhay.

Kung ang mga taong umaangkop sa 1 at 2 ay gagamit ng serbisyo ng Seguro sa Pag-aalaga, kailangan munang kumuha ng kapatunayan sa pangangailangan ng pag-aalaga o pangangailangan ng suportang.

#### ■ Para sa mga Katanungan

##### Dibisyon ng Nuring Care Insurance sa City Hall

##### ・ Ukol sa mga Halaga ng Seguro/Benepisyo

Tel: 042-769-8321

##### ・ Ukol sa aplikasyon ng Kapatunayan sa Pangangailangan ng Pag-aalaga

Tel: 042-769-8342

### (8) Buwis

Ang buwis na babayaran ay buwis pambansa, buwis sa Kanagawa Prefecture, at buwis sa Sagami-hara City. Ang buwis ay kailangang bayaran sa Pambansang Gobyerno, Gobyerno ng Prefecture o sa City Hall ng Sagami-hara. Ang mga pangunahing buwis sa Sagami-hara City ay ang mga sumusunod.

#### Buwis Pang-municipal at Prefectural

Ang mga taong may ibang nasyonalidad na naninirahan o may planong manirahan sa loob ng Hapon ng mahigit 1 taon na may tinitirahan sa loob ng Lungsod mula ika-1 ng Enero hanggang pangkasalukuyan ay kailangang magbayad ng buwis pang-municipal resident at buwis pang-prefectural resident para sa kinita sa nakaraang taon. Sa mga kasong ito, magpasa ng pagsasaad ng ulat sa City Hall sa pagitan ng ika-16 ng Pebrero at ika-15 ng Marso para sa kinitang halaga ng nakaraang taon (mula Enero hanggang Disyembre). Subalit, kung ang pinapasukan ay nagpasa na sa City Hall ng pagsasaad ng ulat ng bayad sa kinita sa pinapasukan, o kung nagpasa na sa Tax Office ng Pagbabalik sa Buwis ng Kinita (Income Tax Return o Kakutei Shinkoku), hindi na kailangang i-report sa City Hall. Gayunpaman, ang mga dayuhang estudyante at mga nagsasanay ay maaaring malibre sa pagbabayad ng buwis depende sa kalagayan (Magtanong para sa mas malawak na impormasyon).

Ayon sa patakaran, ang buwis ay binabayaran sa 4 na panahon, Hunyo, Agosto, Oktobre at Enero ng susunod na taon (12 panahon mula Hunyo hanggang Mayo ng susunod na taon kung ang buwis ay ibinabawas sa buwanang kinikita).

# 1. Mga Kinakailangan na Hakbang

## 1. 必要な手続き



### ■ Para sa mga Katanungan

Dibisyon ng Municipal Tax sa City Hall Tel: 042-769-8221

Gayunpaman, para sa mga taong kailangang mag-apply sa Tax Office ng Pagbabalik sa Buwis ng Kinita, magtanong lamang sa sumusunod.

Sagamihara Tax Office

(6-4-14 Fujimi, Sagamihara City) Tel: 042-756-8211 (Kinatawan)

Mga Pangunahing Halimbawa sa Paghiling sa Tax Office ng Pagbabalik sa Buwis ng Kinita

- Ang mga taong tumatanggap ng kinita sa 2 o higit pang pinapasukan.
- Ang mga taong may kinikitang sweldo na may higit sa 20,000,000 yen.
- Ang mga taong may kinikitang 200,000 yen na bukod pa sa kinikitang sweldo.

### Buwis para sa mga Pirmihang Ari-arian (Fix Property Tax)

Ang buwis na ito ay ipapataw sa mga taong nagmamay-ari ng lupain, bahay at depreciated property sa loob ng Lungsod sa ika-1 ng Enero ng bawat taon. Sapagkat ang pamantayan sa pagpapataw ng buwis ay ika-1 ng Enero, ang Buwis para sa mga Pirmihang Ari-arian ay ipapataw sa may-ari sa ika-1 ng Enero ng pangkasalukuyang taon kahit na ang bahay ay nasira o kung ang pagmamay-ari ng lupa o bahay ay nalipat sa iba sa loob ng taon. Ang pagbabayad ng buwis ay nahahati sa 4 na panahon, Mayo, Hulyo, Setyembre at Disyembre. Ipadalala ang papel ng babayaranang buwis sa ika-1 ng Mayo.

### Buwis para sa Pagpa-plano ng Lungsod (Urban Planning Tax)

Ang buwis na ito ay itinatag upang sagutin ng naninirahan ang bahagi ng gastusin sa mga programa sa pagpa-plano ng Lungsod at ng programa sa pag-aayos ng lupa. Ito ay ipinapataw sa mga taong nagmamay-ari ng lupain o bahay sa loob ng itinalagang lugar sa Lungsod sa ika-1 ng Enero ng bawat taon. Ang buwis na ito ay babayaran kasama ang Buwis para sa mga Pirmihang Ari-arian ayon sa papel ng babayaranang buwis na ipapadala sa ika-1 ng Mayo.

### ■ Para sa mga Katanungan

Dibisyon ng Fixed Property Tax sa City Hall Tel: 042-769-8223

Dibisyon ng Tax sa Tsukui Branch Office Tel: 042-784-1141 (Kinatawan)

### Buwis para sa Magagaan na Sasakyan (Light Motor Vehicle Tax)

Ang buwis na ito ay ipinapataw sa mga may-ari ng may 2 gulong na sasakyan, magagaan na sasakyan, maliliit na sasakyan na may espesyal na gamit, o maliliit na sasakyan na may 2 gulong sa ika-1 ng Abril ng bawat taon. Ipadalala ang papel ng babayaranang buwis sa unang bahagi ng Mayo.

### 軽自動車などの登録・廃車手続き一覧

#### Listahan ng mga Hakbang sa Pag-rehistro/Pagtatapon ng Magagaan na Sasakyan

Uri ng Sasakyan 車種	Lugar ng Pataalan (Reporta) 申告場所
May 2 gulong na sasakyan (mababa sa 125 cc) Maliliit na sasakyan na may espesyal na gamit 原動機付自転車 (125cc以下) 小型特殊自動車	Dibisyon ng Municipal Tax sa City Hall Tel: 042-769-8297 Minami Municipal Taxation Office (Minami Godo Chosha, 5-31-1 Sagami-Ono, Sagamihara City) Tel: 042-749-2161 Dibisyon ng Resident sa Shiroyama Branch Office (Shiroyama Comprehensive Office, 1-3-1 Kubosawa, Shiroyama-cho, Sagamihara City) Tel: 042-782-1111 (Kinatawan) Dibisyon ng Tax sa Tsukui Branch Office (Tsukui Comprehensive Office, 633 Nakano, Tsukui-cho, Sagamihara City) Tel: 042-780-1401 Dibisyon ng Resident sa Sagamiko Branch Office (Sagamiko Comprehensive Office, 896 Yose, Sagamiko-cho, Sagamihara City) Tel: 042-684-3211 (Kinatawan) Dibisyon ng Resident sa Fujino Branch Office (Fujino Comprehensive Office, 2000 Obuchi, Fujino-cho, Sagamihara City) Tel: 042-687-2111 (Kinatawan)  市役所市民税課 Tel:042-769-8297 南市税事務所 (相模原市相模大野 5-31-1 南合同庁舎内) Tel:042-749-2161 城山市民課 (相模原市城山町久保沢 1-3-1 城山総合事務所内) Tel:047-782-1111(代表) 津久井税務課 (相模原市津久井町中野 633 津久井総合事務所内) Tel:042-780-1401 相模湖市民課 (相模原市相模湖町与瀬 896 相模湖総合事務所内) Tel:042-684-3211(代表) 藤野市民課 (相模原市藤野町小淵 2000 藤野総合事務所内) Tel:042-687-2111(代表)
